

LIBRENG SAKAY PARA SA MGA KABATAAN

Simula Setyembre 1, 2022, ang mga kabataang nasa edad na 18 pababa ay libreng makasakay sa lahat ng serbisyo ng Pierce Transit, salamat sa Move Ahead Washington, isang pambansang nagbibigay ng pondo sa transportasyon. Nagagalak kaming salubungin ang mga kabataan sa malayang pagsakay!

Lahat ng kabataan ay makasakay ng libre. Ang mga pasaherong nasa edad na 13 pataas ay hinihikayat na gawin ang isa sa sumusunod kung sasakay sa bus, kung dala nila ito:

- ★ Ilapat ang inyong Youth ORCA na kard. (Hindi magpapaso ang kard kung ito ay nakarehistro at ang kabataan ay may hanggang Hunyo 30, 2023 upang i-rehistro ang kanilang kard online sa myORCA.com.)
- ★ Ipakita ang inyong kasalukuyang High School o Middle School na ID

Dalhin ang inyong Kard!






Matapos ilapat ang inyong ORCA na kard o ipakita ang inyong ID sa paaralan, mamili ng upuan at manatiling nakaupo sa inyong byahe. Masasagot ng drayber ng bus ang anumang tanong. Ipagbigay-alam sa dyarber ang anumang problema na mayroon kayo tungkol sa inyong pagbyahe. Makikita mo rin ang mga pampublikong opisyal para sa kaligtasan sa kabuoan ng sistema.

Sa mga unang buwang ng programa, ang mga kabataang walang Youth ORCA na kard o ID sa paaralan ay maaari pa ding sumakay nang libre.

Sa rehiyon ng Puget Sound, maaari ding sumakay nang libre ang mga kabataan sa ibang ahensiya ng transportasyon na nagbibigay serbisyo. Sa 2023 at hinaharap, ang mga kabataan ay sasabihang kumuha ng Libreng Sakay Para sa Kabataan (ORCA card) na maaari nilang gamitin upang makabyahe nang libre sa buong rehiyon sa pamamagitan ng paglapat nila sa kanilang kard. Matapos mairehistro ang isang kard, patuloy itong magagamit at awtomatiko itong magiging kard ng adulto sa ika-19 na kaarawan ng may-ari. **Makikita ang iba pang impormasyon sa PierceTransit.org/ freeyouthpass at myORCA.com.**



MGA GAWAIN PARA SA LIGTAS NA BYAHE

-  Dumating sa inyong sakayan lima hanggang sampung minuto bago ang nakatakdang pagdating ng bus.
-  Huwag makipag-usap sa mga estranghero.
-  Panatilihin malapit sa inyo ang mga kagamitan sa lahat ng oras.
-  Dumistansiya sa bus habang ito ay paparating.
-  Hintaying magbukas nang lubos ang pintuan ng bus at makababa ang ibang pasahero bago sumakay.

Alalahanin, ang bus ay pampubliko, kaya maging magalang sa ibang tao. Maging magalang habang nakasakay at kung nasa mga sakayan. Kapag sumasakay ka sa transportasyon, IKAW ay responsable sa iyong mga paggawi. Sinisikap ng Pierce Transit na siguruhing ang mga bus at mga pag-aari nito ay kaaya-aya, ligtas at komportable para sa lahat. Ang mga hindi susunod sa mga Patakaran ng Pagsakay, o iba pang naaangkop na batas, ay maaaring agad mapalabas sa sasakyan o pasilidad. Ang mga hindi sumusunod ay maaaring hindi na muling magamit ang serbisyo ng transportasyon sa loob ng isang taon. Bilang karagdagan, ang mga Pulis at/o Pangkaligtasan ng Pierce Transit, o mga lokal na tagapagpatupad na mga ahensiya, ay maaaring tukuyin ang mga di sumusunod sa mga batas ng Ipinagbabawal na Ugali sa Sasakyan. Kung may katanungan kayo o anupaman, mag-email sa [amin sa \[pubsafety@piercetransit.org\]\(mailto:pubsafety@piercetransit.org\)](mailto:pubsafety@piercetransit.org).

MGA PATAKARAN SA PAGSAKAY

May mga patakaran kami para sa kaligtasan ng lahat.

DAPAT GAWIN

- Ang mga pasahero na nasa edad 19 pataas ay dapat magbayad ng tamang pamasahe, at ihanda ito bago sumakay.
- Ilagay ang mga hayop sa naaangkop na lagayan, maliban sa mga hayop na pangserbisyo.
- Gumamit ng headphone at ugaliing magsalita nang di-kalakasan kung gumagamit ng cellphone.
- Siguruhing nakapihit ang preno ng mga stroller; huwag harangan ang pasilyo, pintuan at mga hagdan.
- Ang mga stroller ay dapat kontrolado ng isang adulto sa lahat ng pagkakataon.
- Panatilihing nakaupo ang mga bata kasama ninyo habang nasa bus.
- Magsuot ng naaangkop na damit, kabilang ang kamiseta at sapatos.
- Maging mapitagan at magalang sa ibang tao.
- Magbigay ng espasyo para sa iba kung punuan ang bus.
- Igalang ang mga bagay na pag-aari ng kompanya ng transportasyon.
- Siguruhing ang mga pagkain o inumin ay nakalagay sa mga lagayang hindi basta-basta natatapon ang laman.
- Gamitin ang mga pasilidad ng Pierce Transit at mga serbisyo para sa pagbiyahe lamang.
- Ipagbigay-alam sa dyarber ang anumang problema na mayroon kayo tungkol sa inyong pagbiyahe.

HUWAG GAWIN

- Gumamit ng alak o marijuana.
- Manigarilyo (kabilang ang E-cigarette o vape) maliban sa mga nakatalagang lugar.
- Dalhin ang anuman sa mga sumusunod na bagay: kagamitang pinapatakbo ng gas; gasolina; mga likido na madaling umapoy; paputok; bomba; o mapanirang mga sangkap.
- Makibahagi sa komersyal na gawain o magbigay ng mga flyer, polyeto, mga brosyur, o iba pang uri ng mga sulatin o mangolekta ng mga pirma maliban na lang kung ito ay pinayagan ng Permisong Paggamit ng Pasilidad ng Pierce Transit (Pierce Transit Facilities Use Permit).
- Magdala ng mga ipinagbabawal na baril o iba pang armas.
- Istorbohin, guluhin, o gambalain ang iba ng malakas, maingay, delikado, agresibo, bayolente, malaswa o mga nakakabastos na gawain, pagmumura, o di-katanggap-tanggap na amoy.



Makipag-ugnayan sa amin!

 **Pierce Transit**

253.581.8000

[PierceTransit.org](https://www.piercetransit.org)

